Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IV-A CALABARZON
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CAVITE PROVINCE
MUNICIPALITY OF GEN. E. AGUINALDO

# IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT
# SA EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 6

Pangalan ____________________________ Petsa _________________

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot.

## SOLO ITEM TEST

1. Ano ang masasabi mo sa grupong El Gamma Penumbra?
   I. Sila ay mahusay gumanap
   II. Sila ay magaling na musikero
   III. sila ay matatagumpay na artista.
   IV. Sila ay mahuhusay na mananayaw

   A. I at IV  B. I at III  C. II at III  D. II

2. Bakit itinuturing na natatanging Pilipino si Leah Salonga?
   I. Dahil maganda siya
   II. Dahil sa angking talino niya
   III. dahil magaling siyang umarte at sumayaw.
   IV. Dahil sa mahusay siyang mang-aawit sa loob at labas ng bansa

   A. I at III  B. II at IV  C. II, III at IV  D. III at IV

3. Bagama't mahirap ang buhay ni Ramon, nakapagtapos pa rin siya ng abogasya sa pamamagitan ng pagtustos sa kaniyang sarili kung kayat naabot niya ang minimithing tagumpay.
   I. May tiyaga si Ramon  III. Masipag si Ramon
   II. May tiwala si Ramon  IV. Mabait si Ramon

   A. I at II  B. I, II at III  C. I, III at IV  D. II, III, IV

4. Upang maraming mahuli at kitain ang mga mangingisda, dapat nating pagsikapang mabuti na ____.
   A. bigyan sila ng ibang trabaho
   B. tulungan silang mangisda buong araw
   C. sabihan sila kung paano mangisda gamit ang dinamita
   D. tumulong sa pangangalaga ng karagatan upang dumami ang mga isda.

5. Maraming kabataan ang naistambay sa mga tindahan kung gabi at namamansin/angungursunada ng mga taong dumaran. Ano ang masasabi mo rito?
   A. Okey ang ganitong gawain kung naglilibang lamang sila.
   B. Hihimukin ko ang aking mga kaibigan na tularan ang ganitong gawain.
   C.Hindi tama ang kanilang ginagawa at nararapat na bigyan sila ng nararapat na aksiyon.
   D. Ipaaalam sa himpilan ng pulis ang kanilang aktibidades na ginagawa sa daan upang mapuri ka at maparangalan.

6. Marami ang nagtatapon ng basura sa paligid ng inyong barangay kung kaya nagiging marumi ang ilog sa inyong pamayanan, ano ang maaring gawin ng mga kabataang katulad ninyo?
   A. maglagay ng mga isda sa ilog
   B. magkaroon ng parada ng mga bangka sa ilog
   C. magpaskil ng mga karatulang nagbabawal magtapon ng basura sa ilog
   D. magbantay araw at gabi upang walang makapag tapon ng basura sa ilog

7. Maraming tao ang nawalan ng mga kamag-anak at nawalan ng tahanan nang dumaan ang malakas na bagyo. Nagpanukala ang pangulo ng inyong klase na magbibigay ng mga donasyong pera, pagkain at lumang damit sa biktimang naiwan. Ano ang masasabi mo?
   A. Walang magagawa ang ating donasyon
   B. Dapat tayong tumulong sa abot ng ating makakaya
   B. May mga ahensya ang pamahalaan na dapat tumulong
   D. Ipag walang bahala ang panukala ng inyong presidente ng klase.

8. Bagama't nahihirapan sa umpisa, pinag-aralang mabuti ni Grace ang pananahi sa makina. Pagdating ng tamang panahon, hindi nahirapang humanap ng trabaho si Grace. Ano ang masasabi mo sa kaniyang ginawa?
   I. Si Grace ay matiyaga sa mga gawain.
   II. Sinanay niyang mabuhay ng mahirap.
   III. Siya'y nagkulang ng paniniwala sa sariling kakayahan.
   IV. Pinalawak at pinabuti niya ang kanyang kakayahan bilang paghahanda sa tamang pagkakataon.
   A. I at IV    B. II at IV    C. I, II at IV    D. III

9. Nagpapatulong sa pamimigay ng sobre ang inyong guro sa mga taong interesadong magbigay ng pamaskong aginaldo para sa mga mahihirap. Ano ang gagawin mo?
   A. Tutulong ako sa abot ng aking makakaya.
   B. Tutulong ako upang mabigyan ng mataas na grado.
   C. Wala akong maitutulong lalo na at hirap din ang aking pamilya.
   D. Makakatulong ako sa pamimigay ng sobre at paghingi ng tulong mula sa mga taong may kaya o kilala ko.

10. Taun-taon ay may solisitasyong natatanggap ang pamilya ni Eden mula sa ibang organisasyon ng kawanggawa na tumutulong sa mga taong may kapansanan. Bilang paghahanda, nag-iimpok ng pera sa alkansiya si Eden at humuhingi rin ng solitasyon mula sa kanyang mga kapamilya. Ano ang masasabi mo rito?
   A. wala itong maidudulot na mabuti kay Eden
   B. malaki ang malasakit ni Eden sa mga may kapansanan
   C. hindi maipagmamalaki ang gawaing ito dahil ito'y bawal.
   D. maipagmamalaki ko ang gawaing ito dahil mapupuri ako ng mga tao.

11. Madalas manakaw o kaya ay binabasag ang streetlight o ilawan sa inyong kalsada. Ano ang maaari mong gawin?
   I. Huwag magbayad ng buwis o tulong
   II. Magsumbong sa Kapitan ng Barangay o tanod
   III. Magmasid upang mahuli ang gumagawa ng di maganda.
   IV. Sabihin sa tatay na bantayan ang ang street light upang mahuli ang may sala.

   A. I at II    B. II at III    C. II, III at IV    D. I, III at IV

**NON-SOLO**

12. Niyaya ka ng iyong kamag-aral na lumiban sa gagawing “Clean Up Drive” sa inyong paaralan upang mamasayal sa kalapit na mall. Ano ang gagawin mo?
    A. Sasama ako sa kanya
    B. Hindi ko siya papansinin dahil hindi siya makikibahagi
    C. Ipaliliwanag ko sa kanya ang responsibilidad namin sa gawaing “Clean-up” sa paaralan.
    D. Isusumbong ko siya sa guro upang di siya mabigyan ng mataas na grado.

13. Bakasyon na sa klase dahil malapit na ang Pasko, inimbitahan ka ng iyong pinsan na magbaksyon sa kanilang probinsiya upang pag-aralan ang farming.
    A. Itataboy ko siya sa lungsod
    B. Ipapakita ko na di kailangan sa lungsod ang farming
    C. Magpapaalam ako sa mga magulang ko upang ako ay matuto ng farming
    D. Idadahilan ko ang farming sa aking mga magulang upang makapagbaksyon lamang.

14. Kailangan ng kabataang magpiprisinta para sa pagtatanim ng mga puno sa inyong barangay.
    A. magsasawalang bahala ako
    B. Uutusan ko ang aking kapatid na sumali
    C. Sasali ako nang maluwag sa kalooban
    D. Sasali ako kapag may kapalit na bayad.

15. Ang Republic Act 9147 ay tungkol saan?
    A. Pagdedeklara ng National Park
    B. Konserbasyon at pagbibigay ng proteksyon sa maiilap na mga hayop
    C. Tamang paraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng basura.
    D. Pagkakaroon ng regulasyon sa pangongolekta at pangangalakal ng maiilap na mga hayop

16. Tungkol saan ang Philippine Clean Air Act?
    A. Pagpapanatili ng malinis at ligtas na hanging nilalanghap ng mga mamamayan.
    B. Pagkilala at pagpapanatili sa kalinisan ng tubig para sa mamamayan
    C. Pagpapanatili at pag sasagawa ng Ecoogical Diversity sa pamayanan
    D. Pananaliksik upang mapanatili ang Biological Diversity para sa mamamayan.

17. Isang paanyaya sa inyong paaralan na manood ng palatuntunang idaraos ng mga kabataang may kapansanan, bilang fund raising. Abot-kaya ang mga ticket. Ano ang gagawin mo?
    A. Hindi ako interesadong manuod ng palabas.
    B. Manonood na lang ako ng sine kasama ang iba ko pang kamag-aral
    C. Magbebenta ako ng tiket upang mayroon akong kitain at may mabaon sa paaralan.
    D. Manonood ako ng palatuntunan, bilang pagbibigay suporta at tulong sa mga may kapansanan.

18. Nagkaroon ng pag protesta ang mga mangingisda dahil sa pagtatapon ng mga pabrika ng kanilang basura sa dagat. Ano ang opinyon mo rito?
    A. Walang maidudulot na mabuti ang kanilang protesta.
    B. Nakasisira lamang sa kapayapaan ang pagtutuol nila.
    C. Dapat ipasara ang mga pabrikang hindi nakakasunod sa mga batas laban sa polusyon.
    D. Humanap ng ibang hanapbuhay ang mga mangingisda at ipagbawal ang pagpoprotesta

19. Iminungkahi ng ilang siyentipiko ang paggamit ng mabagsik na kemikal bilang pamuksa sa mga daga sa palayan. Ano ang masasabi mo rito?
    A. dapat puksain ang mga dagang naninira sa palay
    B. dapat pag-aralan ang epekto ng kemikal sa halaman, ibang hayop at sa mga kakain ng palay
    C. kung pasya ng pamahalaan, ito ang dapat masunod dahil sila ng mga nanunukulan.
    D. nakabubuti ito dahil wala ng maninira sa mga tanim na palay sa palayan at sa kabukiran.

20. May negosyanteng nais magtayo ng pagawaan ng produktong goma sa inyong subdibisyon. Ano ang masasabi mo dito?
    A. Dapat sang-ayunan ang proyektong ito
    B. Magandang hanapbuhay para sa mga nakatira rito
    C. Hindi angkop na pang-industriya ang mga lugar na pinaninirahan ng tao
    D. Simula ito nang pag-unlad ng mga taong nakatira malapit sa subdibisyon.

21. Ano ang mainam na paggamitan ng mga pira-pirasong tela na maaaring pagkakitaan?
    A. paggawa na cushion o unan
    C. pantakip sa mga muwebles
    B. pansala sa paggawa ng gata
    D. pampunas ng mga alikabok

22. Tayong mga Pilipino ay mahilig sa mga kasabihan tulad ng, "Kung may tiyaga, may nilaga. "Alin ang nagpapakita nito?
    A. nagpabaya sa kanyang pag-aaral si Monching
    B. lakwatsero si Estoy kaya't hindi nakatapos ng pag-aaral
    C. matalino si Rodel kung kayat di na niya kailangan pang mag-aral ng mga aralin.
    D. nagsusumikap sa kanyang pag-aaral si Max kung kaya't nakahanap siya ng disenteng trabaho

23. Ano ang layunin ng Batas Pambansa 7638 at ang Pagtatag ng Department of Energy (DOE)?
    A. Mapanatili at masuportahan ang buhay at pag-unlad ng tao
    B. Pagpapanatili sa natural at Biological Physical Diversities.
    C. Ipagbawal ang mga gawaing nagpapadumi at nagbibigay polusyon sa hangin at sa kapaligiran.
    D. Isakatuparan ang mga programa ng pamahalaan sa eksplorasyon, pagpapaunlad at konserbasyon ng enerhiya.

24. Nangangailangan ang inyong guro ng kinatawan para sa gaganaping Art Contest tungkol sa kapaligiran, subalit ikaw ay naatasan ng una sa workshop sa paggawa ng recycled materials.
    A. Susundin ko ang aking guro
    B. Di ko papansinin ang aking guro.
    C. Sasabihin sa guro ang sitwasyong iyong unang nainiatas na gagawin.
    D. Maglalaaan ako ng oras sa artworkshop at iiwanan pansamantala ang Art Contest

25. Kung pagbobotohan ang tungkol sa bagong alternative source ng enerhiya o elektrisidad sa rehiyon, Alin ang pinaka mabuting gamitin?

    A. Nuclear plant
    B. hydroelectric
    C. solar
    D. geothermal

26. Sa inyong Barangay, ginagamit ang kalsada bilang Basketball Court. Ano ang masasabi mo dito?
    A. hindi palaruan ang kalsada
    B. dapat lamang na nasa daan ang mga kabataan
    C. maaring gamiting palaruan ang kalsada tuwing gabi
    D. ipaalam sa himpilan ng pulis ang kanilang ginagawang aktibidades.

27. Inaanyayahan ang mga kabataang lumahok sa programang Alay sa mga bilanggo na sugapa sa ipinagbabawal na gamot. Kung may angkin kang talino sa pag-awit, ano ang gagawin mo?
    A. kusa akong lalahok
    C. sasali ako kung may bayad
    B. sasali lng ako kung pipiliin
    D. ayaw ko sumali dahil mapanganib sa bilangguan.

28. Bawat residente ng Barangay Tabora ay may programa tungkol sa clean and green project para sa ikauunlad ng barangay at upang piliin ang pamilya na sumunod sa mga patakaran ng programa.
    A. Walang mabuting maidudulot ang programa
    B. Malaking abala ito sa mga pamilya sa barangay.
    C. Lalahok sa programa dahil magbibigay ito ng kaunlaran ng barangay.
    D. Lalahok sa programa ang aming pamilya upang mabigyan ng pabuya ng barangay.